Buhay na pinagdaanan ni

P. BURGOS, MARIANO GOMEZ,

JACINTO ZAMORA

AT NANG

CAPITAN PATRICIO NA AMA NI ADRIA

AT APAT NA ESTUDIANTE NA TAONG TUBAY
SA CABANATUAN NA NAGALABAN

NANG

FRAY MARIANO RIVAS

NA NAG-CURA SA CABANATUAN

ANG AUTOR NITO SI

EULOGIO JULIAN TINDIANA

---

MANILA

IMPRENTA LA DEMOCRACIA
Villalobos num. 57

1900

Puno nang salita

NG MGA

BUHAY NA PINAGDAANAN

NA MASARAP NA SALITA.

Manga ngingitina ang buco sa tangcay
at capayapaang bungang inaantay
nguni at hindi rin magcahusay-husay
sa manga catuiran na ibinibigay.

Sapagca,t, hindi`rin bilang na maampat
ang labo sa linao na bumabagabag
nasoc sa isip co aco,i, bumalangcas
niong mga buhay libangan marapat.

Doon nga nangaling sa Cabanatuan
ang pinag-ugnay cong buhay na mainam
sagana sa hayop at mga halaman
iquinabubuhay ng manga mamayan.

Na sa bayang yaon na may mag-asaua
na mag casing ibig naca aya-aya
Patricio ang ngalan sa lalaqui badia
ang babae naman tauag ay Macaria.

Mag asauang ito may dalagang anac
asal na mahinhin Adela ang tauag
ano pa,t maraming binatang nanaquiat
nanagsisi ligao magagandang bicas.

Uala at uala rin ualang nangyayari
ang balang lumigao na cahit magsilbe
lalo,t dudulutan sa gauang pagcasi
itong si Adela,i, malaqui ang tangui.

Ang lahat ng yaon sandaling lisanin,
na ang salitin co ang binatang anim
nguni yaong apat may dunong na angquin
na nagsipag-aral sa yaman nagising.

Anim na nasabit piling magcatoto
sa bayan din yaon doon naguing tao
datapua,t, ang unang pinaca pang ulo
inaalimsunod itong si Maximo.

Pedro at Macario at saca si Luis
Juan at Franciscong mga tagabuquid
ang anim na ito na aquing binanguit
magcacaibigan parang magcapatid.

Diua,i, tadhana na ng poong may capal
taglay nitong taong naguing capalaran
nasa cay Maximo ay nabalitaan
yong cay Adelang nga cagandahan.

Gumayac na siya ng magandang bihis
na pinacahusay ang ayos at tindig
saca ng matapus tinungo ang nais
ang sa cay Adelang bahay ang pinanhic.

Ng maquita siya ng mga magulang
nitong si Adela na inalalayan
itong si Maximo at pinagsabihan
siya,i, pinaupo sa handang luclucan.

Nang na aayos na itong si Maximo
dalaga,i nangusap ang uica,i, ganito
baquit anong bagay nacarating dito
ang tangi sa dangal Adela,i, dinguin mo.

Pucod sa balita na aquin tinangap
sa tao ang dahil sa saganang dilag
nacarating dito ualang ibang hangad
cun di sintahin ca ng pagsintang tapat.

Tugon ni Adela baca na mamali
ang camahalan mo dapat na mag-uari
cung saganag acquin hindi ma-aari
lungoy na pagsinta sa iba igauni.

Na dito sa bayan ay marami naman
dalagang gaya cong mga mainam
unica ni Maximo na cung ayao ca man
sa acquin di dapat na pagtulacan.

Hindi sa pagtulac tugon ni Adela
pagca,t ang pagsinta,i, hindi rin papara
babaeng ninibig na sa gaya nila
cung minsan malagac sa pangungulila.

Tunay ang sabi mo di o sinasalang
nguni,t pagmasdan mo naman ang caharap
sa ayos ng tao mapagtatalastas
quilos ng magaling o may oslac.

Ipinarito co,i, isang panunuyo
sa iyo ang pag-ibig ualang halong biro
Maximo cun gayon itong aquing puso
na sa pagsinta mo ay isinusuco.

Cungayon Adela naman ay cailan
ang aquing pag-ibig sa iyo,i, aasahan
tugon ang causap mga ilang buan
macaraan lamang ang pista ng bayan.

Uica ni Maximo ay nanayag aco
Adela,i, nasaan ang pagca totoo
tugon ng causap langit ang sacsi co
buhay co,i, mauala cun aco,i, maglilo.

Adela cung gayon aco ay paalam
aantabayanan ang arao mong tipan
tugon ng causap icao ay samahan
ng Dios na amang macapangyarihan.

Maximo,i, umalis tuloy sa canila
Adela,i, nagalac sa madlang ligaya
uala namang malay ang ama at ina
pagcacaibigan ng sintang dalaua.

Ano pa,t, ang arao sa guinayon-gayon
lumalacad naman bilang ng panahon
lugod ng magulang ay ualang caucol
dito cay Adelang loob nahinahon.

Caya nga sa tua na ualang capara
ng inang nag-iui sa anac na sinta
guinaua ng ama caniyang pinagpista
ang bunsu/ng nasabi sapagca,t, may caya.

Caarauang pista ni Adelang hirang
itong si Maximo nama,i, ualang malay
cacanin naghanda ng catanghalian
ang limang amigo,i, pinag-anyayahan.

Di iba,t, si Pedro Luis at Macario
na casama nilang nasoc ng colegio
si Juan at saca yaong si Francisco
guising man sa hirap magandang catoto.

Pagca,t, pinasundo dumating ding lahat
ang mga amigo niang hinahangad
ng nároroon na ay itinalatag
ang mga cacanin handang masasarap.

Nang na-aayos na,i, Maximo,i, nagturing
sa mga catoto na do,i, piniguing
magtindig na lahat sumama sa aqoin
ang handang cacanin ay atin dulugmin.

Dito sa anyaya na magandang hangag
nitong si Maximo,i, nag si upong lahat
pagcain matapus nagtindig na lahat
ang magcacasama pumasoc ng salas.

Nang nalilicmo na itong si Maximo
pagdaca,i, nangusap sa tanang catoto
Pedrong guiniguilio Luis at Macario
Juan at Francisco ay paquingan aco.

Itong ating ayos pagcalagay ngayon
alin ang catulad si Pedro,i, tumugon
cauangQui ay pulong niyong marurunong
ibigay ang dapat na sa nagtatanong.

Tunay ang sinabi ani Luis naman
ang gahol na isip ng maliuanagan
tugon ni Macario iyon ay catuiran
ibigay ang dapat ng di pagtalunan.

Ani naman iyong ang matuid
ang tanang sinabi ng catotong ibig
sa labo at linao macapaglilinis
magpuno sa culang na di naglalabis.

Si Francisco naman ang siyang sumagot
ang taong marunong ay nacalulugod
cung sacasacaling salita,i, cumapos
sa tayog ng isip nacapamumulos.

Sa catuiran nitong limang nagsalita
ang sa cay Maximong isip ay humanga
at saca tumanong dahilan sa tua
ang tanang catoto ito ang uinica.

Luis at Macario magsabi ang tapat
sa pinaglamayan ng pagal at puyat
pag-aaral nila,i, anong naguing palad
na quinatutuhan Macario,i, nangusap.

Linoob ng langit at poong may capal
marami rin naman acong natutuhan
aco,i, gayon din cay Luis na tinuran
na mabilang aco sa tanang colegial.

Ang sa cay Maximo naman itinanong
sa pinag-aralan saan nangahantong
ang sagot ni Luis ay dalauang taon
sa quintos na hanga sa naguing panahon.

At icao Macario uica ni Maximo
anong dunong naman ang napagsapit mo
para rin ni Luis na sa quintos aco
sa taon papasoc aco,i, filosopo.

Pedro cong catoto ano ang nasapit
sa pinag-aralan aco,i, na sa leyes
salamat cun gayon cay Maximong sulit
ay ang dinating co Bachiller de Artes.

Francisco,i, sumagot mga caibigan
ang natutuhan co,i, isang cabastosan
madlang mga hayop ina-alagaan
at ang catauang co,i, palagui sa parang.

Ani Juan naman mga ini-ibig
ang natutuhan co,i, pagca pangit-pangit
magpunla ng tanim na sa mga buquid
catauan palagui sa lamig at init.

Uica ni Maximo Juan o Francisco
cabuhayan nila ay dinaramdam co
sagot ng dalaua ay ualang peligro
cami na sa fraile na basagulero.

Paquibalitaan sa una ma,t, ngayon
na ang nagbubuquid at ang mga Pastor
cung may binabaril dapua,t, sa maruhong
daming binibitay at itinatapon.

Di lihim at hayag at talastas nila
na ang marurunong sibol Filipinas
Burgos at ang Gomez saca ang isa pa
na taga Pandacan Jacinto Zamora.

Ito,i, mga paring hayag na clerigo
si Burgos ang siyang pinagca-pang-ulo
ano pa,t, sa tuing mag-aargumento
ay ualang magaua tanang religioso.

Sapagca,t, sa frailong laguing hinahangad
sila ang mag cura sa boong Filipinas
na ang padre Burgos a-ayao pumayag
hangang sa España dumating ang usap.

Matuid na lahat ang hingi ni Burgos
ang fraile hindi dapat maghimasok
sa paguiguing Cura at uala sa utos
dahilan sa ito,i, lupa ng tagalog.

Cung nagpupumilit ang sino ma,t, alin
na ibig nag Cura magdaan sa examen
sa gayong sinabi hindi nag si amin
itong mga fraile salita,i, nati guil.

Sa ualang magaua itong mga fraile
doon sa catuiran mga sinasabi
pinag-isip nila cun anong mabuti
sa buhay ni Burgos sa icapuputi.

Sinapacat nila iyong isang uldog
na ang pananamit umayos cay Burgos
tanang mga bilin ng maissloob
tumauid ng Tanguay ang may budhing hayop.

Ang numero dos unang quinausap
saca ang Marinong tagalog na lahat
at ang Artillero na may canong ingat
na Francisco Saldua sa gayo,i, pumayag.

Ang uica ng lilong tumulad cay Burgos
sa Maynila aco,i, punong sinusunod
cung marinig nilang doong ay may putoc
cayong lahat dito naman magsiquilos.

Ng panahon yaon ay nangyari dito
na ipinagpi<sub>s</sub>ta Virgen de Loreto
sa putoc at ugong bomba ng castillo
ang bayan ng Tanguay siyang pagcagulo.

Ang gulong nangyari sa mabalitaan
nitong si Izquierdong hayag na General
sumacay sa vapor at ang pinaronan
ang Tanguay at saca quinubcob ang bayan.

Maraming marino ang na palamara
na mga tagalog na artillero pa
ang binuhay lamang bilang na natirá
itong sargento na Francisco Saldúa.

At ito,i, siya na quinunang tanong
ng bunying General Izquierdong hahatol

cay Francisco Saldua namang itinugon
si padre Burgos po ang ulo at autor.

Siya,t, ualang iba ang pinanggalingan
ng gulong nangyari at pinagbuhatan
ito,i, sa matanto ng bunying General
sa galit ay umui na sa Malacañang.

Magmulá na niyong hindi na na auat
itong mga fraile sa linacad lacad
do ón sa Palacio sila,i, nanaquiat
sa bunying General naquiquipag-usap.

Ang iguiniguiit nilá,i, ualang iba
si Burgos General ang ulo ng sala
si Mariano Gomez iyong icalaya
icatlo ang curang Jacinto Zamora.

Na gang tatlong ito siyang naguing autor
sa gulong mangyari maraming umayon
na cung hindi mo po na ipapuputol
ang lahat ng ito,i, uusbo,t, uusbong.

Cundi mo gayonin ang sanga,i, cacalat
at ang mga dahon ay mañamambulat
ito ang susundin niyong mga bulag
na piquit na isip at mga didilat.

Ipabitay mo po itong tatlong Pari
na ang masasama,i, ng hindi lumagui
cung mabuhay ito lalong mabubunyi
ang catagalugan quiquilanling hari.

At ang icalaua ang may mga pilac
na nagsi pag-aral cung tauagin pantas
ipadalang lahat sila sa Marianas
at ng mapayapa itong Filipinas.

Fraile sino-sino uica ng General
yong marurunong ng iñong tinuran
ang tugon ng lahat ng iyong malaman
aming sasabihin sampo ng pangalan.

SI Pardo ang una saca si Regidor
ang Gervasio Sanchez Mauricio de Leon
ito,i, paraparang mga marurunong
na ualang marapat cun di ipatapon.

Ang taga Pandacan naman ay isamá
na si Padre Justo at Curang dalaua
na sa Santa Cruz sa Quiapo ang isa
Agusting Mendoza at Jose de Guevara.

Na ang Pio Paza Balbino Mauricio
ang Bartolo Serra at ni Paraiso
na ang taga Tanguay ay isama dito
yaon contratista Maximo Inocencio.

Tugon ng General na sa itatapon
alinsunod aco sa lahat ng iyon
nasa bibitain hindi na uucol
na cung hindi muna cunan ng tanong.

Caya,t, ang guinaua ng nacacapilla
itong tatlong pari at Francisco Saldúa
na ang Ayudante na doo,i, pumunta
tinanong na pilit cung tunay na sala.

Ang sagot ni Burgos cung ibig mabatid
doon sa España aco,i, ipahatid
sa Reinang daquila ay ipalilirip
ang tanang nangyari General na galit.

Caya nga,t, sa gayong mga isinagot
nitong mga Pari General na poot
saca dalidaling hatol ay nanaog
binitay ang tatlo na huli si Burgos.

Pagcat di ma-amin ng sariling isip
nitong Padre Burgos sa mapagsasapit
sa handang bitayan uupo,t, titindig
doon sa nangyari Jesuita,i, lumapit.

Siang cumausap ng uicang malambot
Burgos umayon ca sa hatol sumunod
sa ngalan justicia huag tumalicod
na ang asahan mo calooban ng Dios.

¡Ang sagot ni Burgos sa mga Jesuita
ualang malay aco sa nagauang sala!
na inahihiyao nguni,t, ang justicia
sinunod ang hatol binitay din sia.

Caya,t, ang hatol co mga ini-irog
tanang carunungan ilayo sa loob
ang mga pangalan nila ay cung mabantog
ang capahamacan ang cabuntot-buntot.

Apat na nag-àral natiguil ang isip
dito sa dalauang nag bigay matuid
uica ni Maximo,i, sila ay tumahimic
na alinsunurin itong pamamanhic.

Nasahapong ito ang ibig co sama
tayo bagang anim mag laro ng sipa
ang sagot ni Pedro aco ay talima
sa ninanais mo catoto cong sinta.

Aco ay gayondin uica ni Macario
ani Luis namay sumusunod aco
lihis ang acla tugon ni Francisco
sumagot si Juan Maximo dinguin mo.

Caarauan ito dapat ipag saya
natin tagarito na magcacasama
ualng malay cayo ngayon ay pinista
ang bunying dalagang butihing Adela.

Maximo di lihim ito ay novia mo
catampatan naman sila,i, mag sidalo
ani Pedro naman o mga catoto
sa ibinalita anong sagot ninyo.

Ang tugon Luis tayo,i, mañgagdala
ng bajo at saca banduria,t, biguela
uica ni Macario aco ay quiquita
na macacasama mabuting cantora.

Si Francisco naman ang siang nangusap
aco,i, huag nilang isama sa lacaô
baquit caya gayon ang tugon ng apat
sumagot si Juan cami manihirap.

Uica ni Maximo di cayo maghihis
sumama sa amin sa canta,i, maquinig
ang tugon ni Juan hindi macacapit
at cami quilalang mg tagabuquid.

Ani Luis tunay Maximo,i, matapat
hingi ng dalauang mga hinahangat
talastas na natin itong ualang pilac
yaguit na mistula ang nacacatulad.

Ihahalayhay co pagsusundin-sundin
ang ayos ng taong may caloobang naling
masalubong mo man sila,i, cung batiin
muc-ha,i, itutungo parag di ca pansin

Ang isang mahirap sa lahat ay capôs
lalo,t, na sa handa bihirang ma usog
marami mang ulam alangan dumampot
ang ina-asahan lamang ang magdulot.

Ang lahat ng ito,i, di dapat pagtac-han
sa naguing palacad ng ibang mayaman
lalo na,t, sa isang calobbang mayabang
tingin sa mahirap ay parang basahan.

Ito,i, ugali nang ibang may pilac
na sasaligaya,t, palaguing panatag
cung dumarating na tunog na galapac
hayag sa boong bayan na cung mga bagsac.

Na sa sa mahirap ang lahat ng bagay
ang samayayamang iquinabubuhay
sa catuirang itong aquing ibinigay
ang lahat ng isip nila,i, mag si sacay.

Ani Pedro naman oó at matuid
ang sinalitá mo catóto co Luis
nguni,t, ang sa tao na naguiguing hilig
na caugalian dí mo mai-ialis.

Ang sinalitan co isang pangangaral
na sa cay Francisco at saca cay Juan
mayaman mahirap inyong pagmasdan
ang ayos ng taó na caugalian.

Caya,t, pangilagan ng hindi lumasap
ang calooban ninyo ng matindig saclap
cun saca-sabaling cayo,i, magca-anac
huag comparihin ang mga pangahas.

Lalo cay Francisco na may mga hayop
dadalhan mo sila gatas na malapot
bucas macalaua cung ito,i, maubos
hilingan capa ng inabing manoc.

Tigni ang compare sa mga pagtingin
na sa mahihirap au calaguin-laguin
dí mo mahihiya ang balang hihingin
susunod cang pilit na parang alipin.

Icao naman Juan na cung nag-aani
mag papabayuna ng mga mabuti
bigas ng dinulong at ang quiri-quiri
dadalhin sa isang mabuting compare.

Ang lahat ng iyon pilit tatanggapin
ng isang comparong loob na magaling
ito na yang chiste cun sila,i, panhiquin
icao na pumanhic di man causapin.

Ang lahat ng iyong sa iyo, i, guinaua
dinaramdam mo nga sa canila, i, uala
na sa sarili mo,i, di napapayapa
na mamamahay ca sa mga dalita.

May isa pa sila na gauang mainam
na sa pananim mo,i, cung mabalitaan
bayabas at atis mangang maribalang
sasadiyaing pilit bahay mong tahanan.

Icaó na compare pilit na gagauin
maghahanda cana ng mga pagcain
cung ito,im matapos na may hanacutin
ang lahat ng iyong bunga ng pananim.

Ang asal na ito,i, cung minsan magaua
ng isang comparang may taglay hiya
icaó na naghasic ng magandang punla
na di naquinabang sa bungang payapa.

Caya,t, pangilagan ng tanang catoto
ang caugalian lacad nitong mundo
sa sinabing iyon natiguil si Pedro
ang nangusap naman itong si Macario.

Ang lahat ng bagay canilang tinalí
itong calacaran ng mundong maraya
ang tutucuyin co na isasalita
tanang nagsusugal na naguiguing abá.

Lalo,t, sa mayaman mga para natin
ang nasabing pilac pagca-mamahalin
tio,i, mainam na sa guinagaling
na cung mananalo at icao palarin .

Ang sundo sa iyo ay catacot-tacot
na babantayan ca canit natutulog
icaó ay hindi na naman mapapagod
handa ang caleza na sa pagpanaog.

Pag panhic ng bahay sasalubungin ca
ng nangangacero at nangangacera
na idudulog ca na balang pagsala
sa mga cacanin na natatalaga.

Cung nauupo na icaô tatanungin
dito po may alac icaó paluquin
tiqman ang fideus galing sa almacen
almusal na dapat magandang cacanin.

Icaó ang alaga na tangi sa lahat
na ang cabagayan marami cang pilac
na cung maubos na datnan ca ng hirap
dooon ca lalasap nang matinding saclap.

Na cung matapos na ang iyong yaman
icaó ay hindi na namang paróronan
ipaglilihim pa sa iyo ang sugalan
dahilan na baca sila, i, mautangan.

Saan man sugalan cusa icaó ay lumapit
pag-uusapan ca cung icaó ay umalis
caya't, pag-ingatan ng tanong capatid
nang hindi datning ang casaquit-saquit.

Ang sinalita co dapat pag-aralan
nang mga binatang may nasang magsugal
cung may munting pilac na piaupuhunan
sacali mang matalo huag nang uutang.

Nang marinig ito nang limang caharap
tua cay Macario ay ualang catulad
salita, i, natiguil sa pagcat nangusap
itong si Maximo pang ulo sa lahat.

Manga catoto co cung minamagangá
pa sa patio tayo maglaró nang sipa
sa sinabing itó sumagot ang lima
sumusunod cami sa iyong anyaya.

Yaon na, t, lumacad itong mag catoto
sabandang simbahan doon napatunga
pag lalaró nilá ay ualang ano-ano
ang cura,i, nanaog sa caniyang convento.

At sacá lumagay sa pintó tumayó
minamasdan niya yong naglalaró
si Juan ni Francisco naman ay lumayó
na ang pag sisipa nilá ay nahinto.

Dalaua,i, lumayó lumapit pagdaca
humalic nang camay sa daguilang cura
dapuat yong apat na casama nila
hindi cumiquibó at mamgagtataua.

Curang nagmamalas nagusap pag cuan
dito sa dalauang nagbigay nang galang
ang calaró ninyo mga taga saán
tagarito fraile ang sagot ni Juan.

Na may mḡa pilac dito,i, naging tauo
na mag si pag-aral nasoc nang Colegio
carunungan nila nang mapag tanto mo
bachiller ang isá tatlo,i, filosopo.

Cayö pala,i, gayon quilos na mayabang
ang apat na iyo,i, nangag si pag-aral
manḡa guinoó sa Curang tinuran
mag si lapit silá acó may tuturan.

Nang marinig itó nang binatang apat
dumulog sa Cura saca nag pahayag
anó ang dahilan at cami tinauag
anang fraile naman sila,i, magquimatiag.

Sa aquin ay ano ang inyong palagay
dumulog at hindi humalic nang camay
sa gayong sinabi Máximo,i, nag saysay
ang hinihiling mo ay di na babagay.

Na sa usap nila si Pedro,i, tumugon
sa amin huag mong hanapin ang gayón
cagalingan dapat na di na u-ucol
na di itinuro sa amin nang Lector,

Ay ang ituro man di dapat hanapan
sa alin ma,t, sino ang gauang pag gabang
basahin mo fraile ang na sa dasalan
na cami sa utos hindi na lalaban.

Cung sa bagay cami ualang gauang mali
doctrina,i, basahin doó,i, mauauari
ang ama at ina ang siyang ibunyi
na igalang lamang hindi cayong pari.

Baquit ninamasa ang cami gumalang
sa para mong fraile ano ang cabuluhan
caya't, sumagot ca anang cura naman
ay cami ang ama nang tanang binyagan.

Macario nanḡusap icaó po,i, mag-uari
ang sinasabi mo baca namamali
cung sa sarili co di dapat magpari
cayong mga fraile dahil sa ugali.

Cung cayo ay ama nang mḡa binyagan
baquit ang dalaga hanḡat ang ligauan
ang pag-ibig nila cung di paayunan
pinadidistierro ang mḡa magulang.

Uica ni Maximo ang inyong cabagay
iyong mediquillong mḡa ualang malay
ibinabalitá tanong binubuhay
hindi sinasabi iyong pinapatay.

Cung cayóng frailong mg̃a magagaling
sa Tundo,i, nangyari ang lahat nang dahil
nang mag Cura doón ang Mariano Gil
di mumunting tauo ang ipinabaril.

Ang cadahilinan ay sa babae niya
niyong mapatapat na sa barbería
na dili umano,i, tauo nagtataua
sa caniya ang dahil nagsumbong sa Cura.

Itong frai Gil ay di na nagbulay
pinaniualaláán babaeng mahalay
na sa barberíang mg̃a ualang malay
ipinadistierro,t, iba,i, pinapatay.

Saca may babaeng nang̃umpisal dito
ang salang sinabi ay pauang totoó
mazón iyong anac doon nagcagulo
maraming pinatay sa bayan ng Tundo.

Na sa Santa Cruz naman ay may isa
na frailong nag Cura,na Mamaerto Liza
ang apat na mazón nilapitan siya
ipinagcumpisal ang nasabing sala.

Itong nang̃umpisal na apat catauo
sinumbong nang Cura na sa Arzobispo
si Pedro Alvarez sacá si Querico
si Isaijas sacá ang Tomas Remigio.

Na ang cabagayan ipinaquilala
sa nasabing fraile ang canilang sala
bagá man nahilig sa mazoneria
sa pinag-usapan sila,i, cacalás na.

Nang̃at nitong apat caya nang̃umpisal
sa Cura ang sala upang din pag tagpan
hindí,t, iquinadcat at ang naguing hangan
ipinasdistierro sa malayong bayan.

Sa nangyaring ito pano ang pag sunod
ang paniniuala sa inyo nang tagalog
anang Cura cung di cayo pahinuhod
sila ang bahala uala caming tacot.

Nalis itong anim sa galit na dalá
ang sa cay Máximong bahay ang pinuntá
yayang caroon na pabayaán co sila
at ang salitun co ang na iuang cura.

Sa ualang magauá ang dunong nḡ fraile
na sa nacalaban nḡa Estudiante
cayá nḡa sa gayong bagay na nangyari
quinausap niya caniya ring sarili.

Ualang magagauá sa isang nag-aral
cung di ang nagturo ang may casalanan
iyong mga lector na di binayán
ang catagalugan na sa pagca hangal.

Hindi naman dapat sisihin ang gayon
dahilán sa isip`nang nagsisisibol
tunay ang sinabi nang haring Salomon
natūral ay daig turo nang marunong.

Ang gayon ay hindi na di mangyayari
na pag mamalac-hán caming mḡa fraile
cung pag pipilitan ang punlang inani
sa maguiguing bunḡa pauang pagsisisi.

Na di magagauá ang anomang tigas
ang`alin mang fraile nacababalancás
di macacalayó di macalilitás
na sa pagauing cong magaling na bitag.

Ang guinauá nilang calapastanḡanan
sa aquin ay pilit nilang babayaran
tanong ninanasa ay magagampanan
macaraan lamang ang pista nḡ bayan.

Aco,i, lalacad na magiilibot-libot
upang mapayapa sama nitong loob
na paca asahan pista ay cung matapos
ang binabanta co pilit masusunod.

Fraileng sinalita aquing lilisanin
ang sasalitin co ang binatang anim
uica ni Maximo mga guiniguilio
itong ninanasa inyong uliniguin.

Francisco Juan na catotong irog
cami ay gayac na ano ang inyong sagot
tugon ng dalaua na ang aming loob
sa sayang hinangat hindi na susunod.

Caya paalam na mga catôto
cumusta na lamang sa daðatnan ninyo
Dios ang sumama tugon ni Maximo
may arao din muling mag quiquita tayo.

Nalis ang dalaua na iuan ang apat
tanang gagamitin siyang iguinayag
at nang matapos na muli pang nangusap
dito cay Macario cantora,i, humanap.

Ang gayac sa pista lisanin co muna
at ang salitiin co itong si Macaria
na sa cabihiyan na sa ala-ala
caya nga tinauag ang sintang asaua.

Patricio con guilio baquit natitiguil
dian sa upu mo tila di mo pansin
tugon ng asaua saano ang dahil
sa mga panohin na dito,i, darating.

Sa pagayong bagay sinta cong Macaria
huag can magalit bahala,i, aco na
pag-uusap nila,i, di caguinsa-guinsa
na siyang pagdating alila ng Cura.

Alila,i, nangusap tangaping hinahon
ang sulat na itong padala ng among
cay Patriciong uica ano cayang layon
ng Curatt, aco,i, sinulatan ngayon.

Uica ni Macaria sulat ay basahin
at ng matalastas cung ano ang dahil
hangad niyong Cura Patricio nagturing
sunod sa nasa mo ito,i, iyong dinguin.

Capitan Patricio cayong mag-asaua
inaalayan co ng mga cumusta
ang sulat na iyan caya pinadala
sa inyo may nais na ipatataya.

Pagca,t, panahon na naipagdiriuang
ang ating Patronong tangulang ng bayan
na nasa sainyong mga mayayaman
abuloy na dapat na inaasahan.

Patricio,i, umiling sa nangyaring iyaon
alila,i, halica sabihin mo ngayon
sa hiling ng na pilac na hangad ng among
ipadadala co sa bucas ng hapon.

Caya hayo cana at ng hindi naman
na sa gagauin co icao macabalam
cung gayon ang sagot ng bunying capitan
sa camahalan mo aco ay paalam.

Alila,i, umalis si Patricio naman
na ang quinausap ang asauang mahal
esposa ang cura ay di na nahambal
na sa ayos nating mga calagayan.

Naguiguing totoo tunay ang balita
sa tauong sabihin di nagca-cabula
tungcol mga fraile bihirang-bibira
ang mapipili mo na may mga hiya.

Di mumunting pilac ang na ibibigay co
sa Cura at bucod pa ang aquing cabayo
sa aquing hiniling ang halaga nito
aquing pagcabili isang daang piso.

Tigni cong may munting mga cahihiyan
itong naguing Cura na sa ating bayan
pilac at cabayo di nalalaunan
ipinagcaloob co,i, hihiling na naman.

Macaria cong gùilio papano na caya
itong lagay natin sundin mo ang nasa
sa pagcat ang fraile dugong alizaga
dimo maialis ang mag-asal linta.

Salita,i, natiguil sa pagcat nanaog
itong si Adela na ina,i, dumulog
nahan po ang aquing mga isosoot
handa na po caya oo bunsong irog.

Manhic ca ng bahay doo,i, maquiquita
na sasa-ibabao ng ating lamesa
hayo cana bunso Patricio,i, na ito na
ating salubungin ang tanang bisita.

Itong mag-asaua malaqui ang galac
sa mga panohin sa bahay nanaquiat
ang balang pumanhic quinamayan lahat
inacbayan nila na hangang sa salas.

Nagsi-upong lahat sa piling luclucan
iyong nagsidalong piling mga mahal
ng na aayos na tumugtog pagcuan
niyong abenerang sonatang mainam.

Si Adela naman ay nagpaca ayos
maringal na cayo damit na isinoot
na siya na lamang na pina nonood
nitong si Maximo na sintang iniroG.

At gayon di naman cay Adelang tua
na sa cay Maximo parang pulot gata
anpa,t, ang mata nila,i, cung mag tama
na nasasa langit ang cahalimbaua.

Tugtog ng matapos malaqui ang ganap
niyong naquiquinig na magcacaharap
ang ina nihiao salamat salamat
sa nag si abuloy Maximo,i, nangusap.

Capitan Patricio yayang natapos na
ang tinugtog namin alay sa may pista
casayahang ito,i, bilang pacorona.
sa inyong mag-asauat,t, saca cay Adela.

Pagcat arao ito na ipagdiriuang
ng bugtong mong anac naguing capistahan
di caya mangyari mahal na Capitan
caming umabuloy naman ay damayan.

Anong hangad nila baquit di sabihin
sa macacayanan aco,i, uma-amin
tugon ni Maximo cung gayon po,i, dinguin
ang nais ng loob iyong uliniguin.

Na ang anac mo pong butihing Adela
ang hiling ng lahat na siyang mag canta
cautangan loob na quiniquilala
namá,t, carangalan naman ng may pista.

Mangyayari caya ang inilulohoc
sa saganang dangal Capitan sumagot
na cung ninanais ng lahat ng loob
aco sa canila nama,i, sumusunod.

Adelang bunso co biguian mong halaga
itong nariritong dumalo sa pista
ang sagot ng anac malulugding ama
catauan co,t, buhay sa iyo,i, talaga.

Mga maguinoo uica ni Patricio
narinig na nila sagot ng anac co
hindi sumusuay tumugtog na cayo.
canta ni Adela ay susundan ninyo.

O mga dalagang may puring malinis
catauan ingatan ng di magcadungis
na ang halagahan ang puhunang labis
ng ating magulang na nag tatanquilic.

Cun mapangayaya ang puring inimpoc
cacalat sa bayan baho,i, mananabog
ano pa,t, ang balang damit na isuot
di mabubagayan at maguiguing capos.

Dahilan sa duming nag si panambulat
ang nacacapangit sa guinis ng balat
casangqui ng isang lagas na bulaclac
na luoy sa init culay ay cumupas.

Na cun magca gayon maguiguing capusna
sa caugalian na naguing halaga
balang maquitungo pag tauad pa,i, mura
dahailan sa ayos bulaclac nalanta.

At aco,i, ualang dapat na sabihin
na sa binibining may puring inangquin
sa maguiguing bucod pagca titibayin
ng di macapasoc ang caloobang tacsil.

Caya,t, ang bilin co na sa naguiquinig
na mga dalaga na aquing caparis
puri pag ingatan ng di magca dungis
ng matanyag dito mag pahangang langit.

Canta ng matapos nangag sabay-sabay
ang hiyao ng madla nag sali-salimbay
vivang ualang pugnat vivang ualang humpay
viva si Adela hangang nabubuhay.

Lugod ni Maximo ay ualang capara
na sa cay Adelang binitiuang canta
si Pedro,i, gayon din ang isinasaya
sa tining ng voces mahusay lelatra.

Tua ni Macario ualang macauangis
at gayon din naman ang catotong Luis
sa caligayahan ibang naquiquinyig
sa quina uupan parang quiniguilig.

Casayahan iyong na paui ring agad
pagca,t, si Patricio ang siyang nangusap
mga catulong co,i, inyong italatag
cacanin ng tauo na naguiguing dapat.

Ang tanang catulong na may sumunod din
na itinalatag ang tanang cacanin
at ng ma-ayos na,i, pagdaca,i, nag turing
itong si Patricio sa tauong panonin.

Mga magunoo,i, cayo,i, na uupo na
sa handang cacanin na na tatalaga
Macimo,i, nangusap silang mag-asaua
casaluhin cami sa anyaya nila.

Nangagsiupo na at nagsabay-sabay
ang tanang panohin sampo ng may bahay
saca ng matapos Maximo,i, nagsaysay
nang isang salitang pinacamahusay.

Pasasalamat po namin ualang hanga
cay guinoong Patricio at sa capitana
sumagot si Pedro anong dapat baga
maguing ganti namin bayad sa canila.

Dapat ibalita ihayag sa bayan
cayong mag-asaua sa i ang mayaman
tumugon si Luis pagcainam-inam
ang patanao nilang aming naguing utang.

Pagcaing magaling na aming linasap
uica ni Macario tunay at masarap
ngunit sa calooban na ipinatanyag
na uala isa man dapat na pumintas.

Uica ni Macimo mga piling sama
anong dapat gauin dito sa may pista
ang tugon ng tatlo ang bunying Adela
ating papurihan sa ating cantora.

Maximo,i, nangusap o piling hinirang
na caacbay naming naguing casamahan
di caya mangyaring inyong papurihan
ng cantang mainam ang may capiestahan.

Tugon ng dalaua oo,t, gagauin
iyong ninanasang cantang hinihiling
na di mangyayari na di pairuguin
itong si Adelang sagana sa ningning.

Hayo mga mahal sila,i, mag si tugtog
niyong nararapat saca cung matapos
sa cantang gagauin cayo ang umayos
tanang Estudiante nama,i, nag si sunod.

Sumunod din naman ang magcacasama
tugtog na guinaua sagdal na gunamanda
ng matapos naman dalauang cantora
ang siyang cumanta inayusan nila.

Cayong tanang ibon na sa sa itaas
piguilan sangsali sa mga paglipad
bumaba,t, tunguhin ang mga bulaclac
pagpilitan nilang sa tangcay ilagus.

Pagsamasamahin nila ang mainam
ayos ng diadema ang siyang bagayan
na ang pagdadala,i, pagtulong-tulungan
ulo ni Adela ang siyang putungan.

Juan,i, magtindig lumapit ca ngayon
na sa cay Adela corona,i, isunong
ilagay sa ulo doon mo ipatong
saca magcanta ca alayan ng ucol.

Sa mahal mong ulo yayang na lagay na
ang coronang dapat bibiguiang halaga
ingatan ang puri ng hindi madama
ng gahasang puso na uangqui sa baga.

Na lumagui naua sa caligayahan
hanggang nabubuhay puri,i, pag-ingatan
saguisag na tunay ng tanang magulang
ang bait ng anac tanghalin ng bayan.

Sucat hangan dito butihing Adela
papupurihan co ang dangal mo,t, ganda
tayong lahat dito mangag si pag viva
viva ang magulang viva iyang may pista.

Nagsalisalimbay ng viva,t, hiyauan
lahat ng naroon mga camahalan
at ng matiguil na ay siyang pagdatal
nitong frai Mariano Cura niyong bayan.

Patricio Macaria ang uica ng Cura
anong bagay itong caguiunan nila,
tugon ng dalaua aming pinagpista
caarauan dapat ng bunsong Adela.

Cung gayon ang inyong anac ay pinista
baquit di nagsimba nagbigay ng misa,
pataurad po aming sagot ng dalaua
nalimutan namin na sa ala-ala.

Anang Cura,i, di co iquinapopoot
ang caugalian ninyo ngang tagalog,
na cahit talicdan ang utos ng Dios
ang bituca lamang nila ang mabusog.

Marapat na gauin ng i ang binyagan
na sa lingo-lingo magsipagcompisal,
caming mga fraile ay may catungculan
magbigay pataυad sa macasalanan.

Ng sa cay Maximo ito, i, sa marinig
sa quinauupan pagdaca,i, nagtindig,
humacbang ng munti at saca lumapit
sa daquilang Cura at siya,i, namanhic.

Di caya mangyaring maipagcaloob
ng Cura sa aquin na co,i, managot,
anang fraile nama,i, aquing pahintulot
Maximo,i, nangusap sinsay ca sa utos.

Na ang camalian dito sa may pista
pinapagsisimba,t, hihingan ng misa,
basahin mo fraile ang na sa doctrina
sa aming binyagan na ipinamata.

Sa doctrina aco,i, doon nanununtón
naguing caraniuan na itinatanong
ninyong mga fraile ang Dios na poon
ipataya na amin cung saan naroon.

Ang agpang na sagot sa doctrina,i, lagda
Dios na sa langit Dios na sa lupa,
ang capangyarihan niyang masagana
ay na sasacaniyang lahat na nilic-ha.

Baquit inutusan ang tauo,i, magsimba
hindi man magsimba gagauin ang misa,
ninyong mga fraile ito,i, talaga
siyang nararapat catungculan nila.

Na ang catuiran co,i, hindi man pumasoc
tauo sasimbahan sa misa,i, manood,
na sa sabahay man cun taos sa loob
paquiquinabangan ang aua ng Dios.

Sapagca,t, ang tauong mga palasimba
madalas cun minsan na magbigay sala,
lalong-lalo na ang ibang dalaga
ang nivio ang siyang na sa ala-ala.

Na hindi ang misa ang pinag-mamasdan
cung hindi ang sintang naguing catipanan,
siayang na sa loob na minamainam
na di magcauasto mga pagdarasal.

At ng maniuala ang mahal mong loob
pasa Maynila ca doon sa Santa Cruz,
sa misa de nueve ay mapapanood
ang mga dalagang magaganda ang ayos.

Caraniuang aniyo ng ibang dalaga
sari-saring maniya iyong maquiquita
pagca pupungayin ang dalauang mata
loob ng binata,i, parang hinihila.

Di maquiquilala ang puti at itim
lalo,t, sa gaya cong mahinang paningin,
caya dumiringal caya nagniningning
dahil sa blnquete,t, pusod na esmoquin.

Sa pinacapatio nama,i, naroroon
ang mga binatang nagpupulong-pulong,
na may mga saco na parang profesor
sa uicang castila,i, madalas magatol

At hindi mo naman mapagquiquilala
ang cochero,ti, bugao at mga secreta,
dahilan sa saco mga suot nila
sa tanang marunong humahalo sila.

Tunay caya yaon ang uica ng Cura
tugon ni Maximo manalic po siya,
ang tauo ay parang malayo sa sala
magsimba,t, hindi pabayaan mo sila.

Ang nagsasalita tumiguil na agad
capitang Patricio ang siyang nagusap,
catotong Maximo cung minamatapat
mupo sa loclocan at ng mapanatag.

Magsitugtog na cayo mga casama
saca cung matapos cantora,i, cumanta,
ito,i, para natin bilang pacorona
sa mahal na among na tunay na Cura.

Adela ang iyong pagsabihan ngayon
alila,i, maghanda at icao,i, tumulong,
ayusing magaling dahilan sa among
saca-abalaha,i, baca nagugutom..

Sa sinabing ito,i, sumunod ang anac
na pinagbilinan ang alilang lahat
hayo ang pagcain ay ihandang agad
ilagay sa mesa,t, doo,i, italatag.

Ayos na pong lahat amang malulugdin
ang iniuutos mo Patricio,i, nagturing,
among tayo na po at iyong duluguin
ang natatalagang mahal na cacanin.

Umupo ang Cura at cumaing ng agad
at ang Fiscalillong casama sa lacad,
banduria,t, bugucla hinauacan agad
ng magcacasamang estudiantong apat.

Tumugtog at saca sinabay ang canta
ng mga bihasang magandang cantora,
na ang cumacain Fiscalillo,t, Cura
ang toua sa loob ualang macapara.

Ang hiyao ng mga cantang sinasabi
sa tining ng voces ay nacauiuili
gayarin ang uica alay na pagpuri
na sa cumacain marangal na padre.

Ang arao na ito dapat na ibunyi
sa lahat ng arao ibucod itangi,
na ang cabagayan dahilan sa pari
Cura nitong bayan na dito,i, na gaui.

Na siya pang lalonga nagbigay inam
na sa cay Adelang mga capistahan,
di maililihim na di pag-usapan
dito at saca sa iba pang bayan.

Carangalan naman ng may mga pilac
ang Cura sa bahay nila,i, cung maaquiat,
sa camunting culang ay nacararagdag
ang balang hilingin madaling matupad.

La lo na,t, cung i ao maguing caibigan
sa ano mang bagay di ca magcuculan,
ang umaua caman ng gulo sa bayan
cung hahatulan ca siya ang calaban.

Dito sa nangyari aco,i, ualang sucat
duclayin sa isip na maguing marapat,
cung di ipag viva ng naritong lahat
viva itong fraile na Mariano Rivas.

Na lumagui naua sa caligayahab
ang Cura at saca ang naritong tanan,
viva at mabuhay sa caligayahan
dito at hangang sa payapang bayan.

Curang naquiquinig ay nagpasalamat
dito sa nagcanta ngalan ay nataoag,
saca sa may pista aco,i, ualang sucat
iganti sa loob nilang masasarap.

Guino-ong mang Patricio di caya mangyari
magcaniig quita sa isang sarili,
pagcat di co ibig na marinig dini
ang pag-uusapan Patricio,i, nagsabi.

Cataua,i, narito itinatalaga
sa balang hilingin ng daquilang Cura,
ang uica ng fraile cung gayon abata
sa may banda roon mag-usap quita.

Patricio,i, sumunod sa Curang hinangad
na sa isang lihim sila,i, nag-usap,
ng nacucubli na ualang nagmamalas
ang Cura,i, nag sabi gayon ang pahayag.

Capitan cung caya quita,i, sinarili
aco,i, na hihiya sa ipagsasabi
lalo,t, sa gaya co isang cumacasi
di co ibig dinguin ng taong marami.

Patricio,i, nangusap fraile ang pag sinta
saan na hihinguil sumagot ang Cura
na sa cay Adela at uala na iba
sa camahalan mo,i, ipinatataya.

Dahilan sa bilis ng aquing pag-ibig
nagsalassalabat iyong mga tinic
at ito,i, ang siyang di icatahimic
di icapayapa dahilan sa saquit.

Caya,t, cung hindi mo aco dadamayan
sa dinadala cong mga dinaramdam
dusang suson-suson na ualang pag-itan
ang mararating co Cura,i, maghimanman.

Na sa bayang ito marangal na pari
icao baga hualang dapat na mapili
sintahin sa loob mayron nguni,t, hindi
na sa aquing puso silay mamalagui.

Cung di si Adela na bunso mong irog
siyang sa buhay co ang macagagamot
caya mangusap ca Patricio,i, sumagot
sa sarili niya ito,i, sinisignos.

Ito caya baga,i, dapat na masabi
sa mga gaya co cung di itong fraile
sa catauan nila na minamaigui
ang caugalian ng pagcasalvaje.

Anang Cura,i, ano ang na sa sa loob
sa ninanais co hindi ca sumagot,
fraile pagnilayin ang iyong caumpoc
nagbuhat sa mahal hindi sa busabos.

Sa isinagot mo anang Cura naman
cung sa ganang aquin huag ca magdamdam,
batid mo,t, ang fraile siyang nagtatangan
ng capangyarihan ng tauo sa bayan.

Caya,t, sa Convento sa arao ng bucas
ina-asahan co ang mahal mong anac,
Patricio sa gayon sa galit na hauac
pumanhic ng bahay quinuha ang itac.

At ng macuha na,i, nanaog ng bigla
at saca ang Cura,i, hinatac ng taga,
lahat ng naroo,i, naualan ng diua
itong nagagalit inauat na cusa.

Patricio,i, nangusap aco,i, huag auatin
nahan ang itac co ibigay sa aquin,
ng macapamulos aniyong hahataquin
ang Cura sa tacot nag tacbong matulin.

Siya,i, nagtuluyan nanhic ng Convento
at ng naroroona,i, sinarhan ang cuarto,
dahilan sa tacot at ang Ficalillo
na casama niya ay lumitolitó.

Ang Curang tumacbo aquing lilisanin
itong si Maximo siyang sasalitin
capitang Patricio ano cayang dahil
nangyari sa iyo ngayon ay sabihin.

Na baquit ang Cura iyong nacatalo
dinguin ninyong lahat tugon ni Patricio,
paano cayang icao lalagui sa mundo
cung macacausap mo ang caloobang aso.

Talastas na ninyo mga piling mahal
na siya ay Cura nitong ating bayan
na cung caya dico pinaanyayahan
batid co ang ayos na caugalian.

Na ang cabagayan dahil din sa inyo
na naguing panaohin sa pista,i, dumalo,
na cung caya siya,i, di ipinasundo co
na baca gumamit siya ng abuso.

Tingni cung ito,i, may isip na uasto
naparito dito,i, ualang sumusundo,
at talastas nila muling inianiyo
pagcaing marapat siya,i, pinaupo.

Uala namang siyang dapat na uicain
sa naguing handa co na pauang magaling,
may lichon at hamon capon at inahin
ang lahat ng iyon munti ng ubusin.

Ng magpasasa na ang frailang marilag
sa manga pagcain bituca,i, naunat,
nagtindig sa upo at iniyong talastas
aco,i, sinarili sa paquiquiusap.

Ang cañahilanan cay Adelang mutia
may pag-ibig pala siyang inadhica,
aco ang pinita bilang mamahala
na bagay sa sintang nasoc sa acala.

Panong hindo mo caya mapapatay
na ang frailang ito sa nasang mahalay
aco pa ang siya na gagauing tulay
na sa cay Adelang carugtong ng buhay.

Tugon ni Maximo, capitan Patricio
nasasapanganib ang camahalan mo
at ng malictasan ang mga simbuyo
ngayon din ay dito magsialis tayo.

Mangyayari yaong cay Patricion uica
pano si Macaria ni Adelang mutia
sumagot si Pedro ay lalong masama
na cung dito tayo datnan ng sacunaa

Sapagca,t, ang fraile talastas natin
ang uica ni Luis gaua,i, puro lihim,
na sa macatalo na sino ma,t, alin
pamatay na ganti pauang pailalim.

Caya,t, hindi dapat na maqui pagtalo
sa alin mang fraile uica ni Maximo,
lalo na,t, ang usap ay na sa juzgado
cung calaban sila uala cang panalo.

Ang sa cay Maximo na ipinabayag
paalam po cami Patricio nangusap
humayo na cayo sa arao ng bucas
caming mag-aanac naman ay lalacad.

Umalis ang apat bundoc ang tinungo
at sila,i, nag-ipon ng maraming tauo
ng na-aayos na a lilisanin co
ang panumbali an ang na iuang tatlo.

Ng quinabucasan arao ng sumapit
ang mag-aanac sa hihigan nagtindig
na cung cay lamang hindi na naalis
ang cadahilanan di nacaliligpit.

At ang icalaua bilang nacahadlang
sa pag-alis nila di mag-aalmusal
lisanin co sila at ang pagbalican
nasapit ng Curang buhay na dinaanan.

Na ang cabagayan sa nangyaring gusot
matay mang husayin hindi magcaayos
ito nga ang siyang sa isip umudioc
dahilan sa hiyang quinamtan sa loob.

Di mumunting tauo ang nacaunaua
ang sa cay Patriciong sa aquing guinaua
ang paca padre co,i, caniyang dinusta
at saca pa aco,i hinatag ng taga.

Tunay at aco,i, nagnasang pag-ibig
sa anac niya,i, di co naman guinagahis
siya,i, quinausap at aco,i, namanhic
caracaraca na nagpaquitang galit.

Sacaling minali ang aquing pagdaing
suyo sa pag-irog na di minagaling,
cung siya,i, may isip hindi dapat gauin
ang isang gaya co na lapastanganin.

Guinaua sa aquin calapastanganan
niyong si Patricio tauong salangapang
pangaco co ito sa cailan paman
di mapapayapa cung di pagbabayaran.

Cura,i, lumacad na sa galit na dala
ang cuartel ng Civil ang siyang pinunta
teniente sa pinto ay dinatnan niya
may hauac na libro nunupo sa silla.

Nang anyong dudulog teniente,i, nagtindig
saca quinamayan ang Cura,i, lumapit
at saca tinanong anong bagay baquit
ang sa ganang dangal dito,i, nacasapit.

Anang Cura,i, gayon caya naparito
aco,i, may demanda sa camahalan mo
dahil sa naquitang macapat na tauo
na nasasabahay niyong si Patricio.

Doon ay nauari na aquing na pansin
estudianteng apat may mga revorver
ng minamalas co nagalit sa aquin
iyong si Patricio,i, aco,i, tatagain.

Sa gayon nangyari aco,i, ualang sucat
almas na magamit na maguing marapat
na iyang minagaling nasoc sa hinagap
sila,i, nilisan nanaog na agad.

Nang marinig ito ng teniente naman
lumacad pagdaca sinama ang caual
bahay ni Patricio siyang pinaronan
ang Cura sa cuartel naman ay na iyan.

Dinating ang nasa sa matuling lacad
ang lahat ng civil ay pinatalatag
saca iyong teniente pagdaca nangusap
cayong na sa bahay manaog na lahat.

Yaong tinauagan nanaog din naman
pagdating ng lupa nagbigay ng galang
teniente,i, nangusap Patricio,i, nasan
tanang Estudiante na iyong cararal.

Sagot ni Patricio tenienteng marilag
aco po,i, ualang isa man causap
tauong sinabi mo cung ibig matatap
bahay,co,i, panhiquin requizahing lahat.

Sucat na Patricio sa tenienteng uica
aco sa dangal mo ay naniniuala
paayunan ninyo ang aquing salita
sumama sa aquin aco ang bahala.

Marinig ang gayong mga sinasabi
ng tatlong mag-anac ang tua,i, malaqui
lumacad na sila casama,i, teniente
dumating ng cuartel dinatnan ang fraile.

Ang tatlong mag-anac doo,i, ng mapansing
Cura sa teniente pagdaca nagturing
sala ni Patricio ngayon din yariin
na cung mayari na samahan ng civil.

Ilacad na pilit huag ihahantong
at huag paquingan ang anomang tutol
na sa Facturia cung idating doon
aco ang bahala sa daquilang hocom.

Patricio,i, nilacad ng quinahapunan
at ang mag-iina sa cuartel naman
Cura,i, umalis na nagpatuluyan
na sa Facturiang hayag na hucuman.

Lisanin co iyong mga naglalacad
na iuang mag-iisa ang ipahahayag
ay itong teniente dumulog na agad
dito sa dalaua at saca nagusap.

Ano ang dahilan daquilang Adela
ang iquinagalit ng mahal mong ama
sa Cura ng bayan siya,i, manainga
sa sasabihing co tenienteng masigla.

Sa lugod ng aquing amang malulugdin
pinagpista aco maraming panohin
ng na aayos na ay siyang pagdating
ng daquilang Cura cung ano ang dahil.

Inutusan aco ng ama cong mahal
Cura,i, pacanin bagay na hapunan
ng na uupuna,i, siya,i, inalayan
ng canta,t, saca orquestang mainam.

Nang macacain na sa upo,i, nagbuhat
saca iyang ama co,i, siyang quinausap
na nilihim niya ayao ipatanyag
ang nasang mahalay niyang hinahangad.

Caya pala gayon may adhicang lihim
acalang pag-ibig sa aquin ang dahil
sa nasang mahalay niyang hinihiling
ama co sa gayon ay hindi umamim.

Pinipilit-pilit pinapangyayari
ang caibigan mo sa mga pagcasi
ng ayao pumayag ang amang nag-iui
ay pinag balaan pa ng magandang fraile.

At alin calooban mga pag-iisip
dito sa nangyari ang di matutulic
dahil sa corderong asal ay pumaris
sa ayos na yaon ay maguiguing ganid.

Caya nga,t, sa galit ng amang nag-anquin
quinuha yaong itac caniyang tatagain
ang nasabing fraile sa hindi abutin
sa tacot na dala nagtacbong matulin.

Ito po teniente at uala ng iba
ang pinangalingan pagtatalo nila
tugon ng causap sucat na Adela
aco ang bahala naman sa canila.

Cung sa bagay aco,i, dugo rin castila
ang lahat ng iyo,i, di co guinagaua
lalo na,t, sa,i, ang nagpapacababa
di guinagamitan ng uicang gahasa.

Cay cahalayhalay gaua,i, nababantog
nitong mga frailong masasamang loob
cahit magpasasa sa carne ma,t, iclog
hindi rin maalis ang ugaling hayop.

Acoy uurong na cayo,i, malilisan
bilin co sainyo,i, pagcatatandaan
Adela ang puri caingat-ingatan
at ng malathala matanyag sa bayan.

Matapos ang bilin iniuan na sila
ang pinto ng cuartel ang siyang pinunta
na siyang pagdating naman nitong Cura
sa bunying teniente sinalubong siya.

Saca quinamayan ang Curang dumating
ng bunying teniente at saca nagturing
anong hinahangad anang Cura,i, dinguin
na sa Facturia doon aco galing.

Na bagay sa hocom sa nangyaring usap
namin ni Patricio aco ang natanyag
siya,i, di guiguitao lulubog sa hirap
saca sa distierro dadalhin na bucas.

Tugon ng teniente baquit caya baga
lumabas na hatol bigat ng parusa
mabuti nga iyon ng di mamihasa
na lapastanganin caming manga Cura.

Yaon baga lamang uica ng teniente
marangal na Cura ang ipinarini
hindi,t, may isa pa na ipagsasabit
sa saganang dangal na cung mangyayari.

Ang cadahilanan bagay cay Adela
ipinarito co at uala ng iba,
na cung mangyayari iyong ipadala
sa aquing convento aantayin co siaya.

Ng marinig itong mga sinalita
teniente sa galit ang muc-ha ay namula
sa sarili lamang siya,i, nag-vica
na ang Curang ito,i, hindina na cutiya.

Di nagcacabula dina pinagbulay
sa batang mistula aco,i, inilagay
mabuti nga nito ang siya,i, mapatay
dahilan sa gauang mga mahabalay.

Ang Cura,i, nangusap o tenienteng mahal
?ano ang sagot mo? iyo ng asahan,
vica ng causap, anang fraile naman
sa camahalan mo aco ay paalam.

Cura,i, umalis na,t, teniente,i, natira
na ang quinausap nama,i, si Adela,
hayo,t, sa convento doon ca pumunta
na ang cabo guardia ang iyong casama.

Mapagquiquilala sa quilos at ayos
ang mga gahasa at mababang loob,
sa tenienteng vica na iniuutos
sumunod at hindi siya,i, tumalicod.

Sa matuling lacad na di nagtumagal
nitong si Adela at ang cabong mahal
ang Cura sa pinto ay doon dinatnan
may hauac na baston at papacial-pacial.

Na sa paglalacad dalagang Adela
natanao-tanauan naman nitong Cura,
aniyong malalapit quinausap niya
ay ang cabo guardia lumayo pagdaca.

Ang vica ng Cura Adela ay gayon
ang naguing puhunan sa sintang guinugol
huag mong bayaan aco sa panahon
sinta rin ang siyang dapat na idahon.

Camunti mang aua dica na quitaan
ang parusang dati ulula,t, ululan,
cungdangan at aquing napaglalabanan
lason maji, ibig cong inumin at tigman.

Ang lahat ng yaon ng dina maabot
niyaring abang buhay lagui sa hymutoc,
ilagay sa guilid huag ipalaot
ang catauang lisiya sa mga pag-irog.

Ito,i, panahon na naicatutupad
ang pinaglamayan ng sintang matapat
sumama ca ngayon sa convento,i, maquiat
tugon ni Adela hingi co po,i, tauad.

Baquit anong dahil hindi ca sasama
sa aquin batid mo,t, aco isang Cura,
ang carangalan co na pagquiquilala
siyang naglilinis ng sa tauong sala.

Uica ni Adela hindi tinatangui
ang lahat ng iyong mga sinasabi,
nangingilag naman ang iniuing puri
maquiat ng convento,t, icao po,i, lalaqui.

Bagay-bagay fraile ang nacaeharap
gaya cong dalaga ang quinacausap,
na may dalahira cung tingna,i, banayad
may timtiman naaang asal talipandas.

Diyata,t, Adela na magmamatigas
ang loob mo sa aquin na di ca papayag,
guinaua ng fraile dinaan sa dahas
nasabing dalaga na binatac-batac.

Sa ano man gauin ng daquilang Cura
ay hindi masupil lacas ni Adela,
sa di masansala ng hinila-hila
ang baston niyang ingat pagdaca,i, nacuha.

Nitong si Adelang may tapang na ingat
at saca sa Cura siyang inihampas,
sa lacas ng palo di naca pangilag
ang nasabing fraile sa lupa,i, nalagmac.

Cayat ang guinaua nitong frailang mahal
siya sa sarili nagpatay-patayan,
ng sa cay Adelang ito,i, sa mamasdan
iyong na lulugmoc pagdaca iniuan.

Nagtuloy sa cuartel ang cabo,i, casama
saca sa teniente siya,i, napaquita,
sinabi ang lahat nasapit ng Cura
itong naquiquinig naman ay nagtaca.

Cabo guardias hayo salas ay panhiquin
iyong si Macaria ngayon din tauaguin,
na magmadalica na paparituhin
itong inutusan sumunod na tambing.

Macariang tinauag at biglang humarap
saca sa teniente ay naquipag-usap,
ano po ang iyong mga hinahangad
tugon ng dinatnan icao,i, maquimatiag.

Ang sasabihin co sa iniyong mag-ina
ngayon din lumacad sa bundoc pumunta,
icao cabo guardias naman ay sumama
parang maghahatid bilang sa canila.

Magmadali cayo lumacad ngayon din
na baca ang Cura dito ay dumating,
caya bumayo na,t, ng hindi abutin
sila ng parusa na'calaguim-laguim.

Sa marinig ito ni Adela naman
ang ina,i, niyaya at ang cabong mahal,
lumacad na silang nagmamadalian
na di na nacuha ang pagpapaalam.

Iyong naglalacad lilisanin muna
at ang salitin co ang buhay ng Cura,
naquiat ng convento,t, doon nagpahinga
saca ng matapos nanaog pagdaca.

Noo,i, tinalian ng paniyong maputi
na ang cabagayan ay sa dalamhati,
nanaog na siya na may mga tali
basahang malinis ang baling daliri.

Banayad ang lacad nagdadahan-dahan
na gagabahaguia ang mga paghacbang,
ito,i, sa teniente niyong matanauan
big-lang nilapitan saca quinamayan.

Teniente,i, nangusap o mahal na Cura
ano ang nangyari sa calac-han niya,
tugon nitong fraile icao,i, manainga
tanang cabagayan buhat cay Adela.

Hinangad ng loob siya,i, macausap
sa aquing convento siya,i, pinaaquiat,
sa ninanais co auyao pumayag
baston co,i, nacuha sa aquin himampas.

Tigni ang nangyari at aquing nasapit
guinaua sa aquing bahaying malupit
ang buto co,t, laman ngayon nanimitic
ang daliri ay bali baiuang co,i, masaquit.

Uica ng teniente o Curang marangal
cung gayon icao ay nilapastangan,
niyong si Adela di na nagoitagan
sa camahalan mo at na alang-alang.

Sa nangyaring ito sa Curang marilag
icao sa sarili huag mabagabag,
capag si Adela ay aquing nabatiyag
aco na ang siya na mag papahirap.

Caya,t, ipabatid ng daquilang Cura
si Adela,i, nahan at saan pumunta
ang sagot ng fraile dico natatalaya
ng aco,i, iuan patay ang capara.

Malaqui ang aquing bilang hinanaquit
Cura sa ayos mo bagay na nasapit
sumapayapa ca aco ang uusig
doon sa dalagang sa iyo,i, nagpasaquit.

Sa arao at gabi hindi tatahanan
ipahaharap co sa lahat cong caual
salamat teniente anang Cura naman
sa camahalan mo aco,i, paalam.

Umuui na ang Cura na nagtutumulin
ang teniente naman tinungo ang cuartel
ang tanang nangyari aquing lilisanin
estudianteng apat siyang sasalitin.

Na di nalaunan naman sa panahon
na sa cabunducan pagcatatahan doon
sapagca,t, mapilac na di guinagahol
di mumonting tauo canilang natipon.

At nang maipon na ang tauo,i, maayos
ang Maximo Tino ang punong sinunod
na siyang general bilang nag-uutos
catotong si Pedro coronel na bantog.

At ang comandanteng bilang na nahalal
bayaning si Luis na cabalitaan
ina-alinsunod niyong tanang caual
yaong si Macariong sa tropa,i, capitan.

Nang natitipon na ang caual na madla
itong si Maximo namo,i, nagsalita
manga catoto co sila,i, umunaua
sa sasabihing co na ilaladhala.

At dito sa ating quinalaguiang gubat
na dito na tayo magsitirang lahat
cayong aquing caual huag malilingat
ang iba,i, mag tanod mag bata sa puyat.

At ng tayo,i, hindi lubos na madaya
ng mga secreta camay ng castila
na ang cazadores cahit maguing lacsa
huag catacutan aco ang bahala.

Na sapagca,t, tayo,i, nangaririto na
manga piling hirang na aquing casama
ang macacalaban natin cung maquita
lunglungat cupcupin dagdagan ang sigla.

Ang uica ni Pedro mabunying general
ating pag-hatiin itong tanang caual
si Luis ni Macario ay magsama naman
ng manga sundalo piling matatapang.

Sa lihim na daan sila,i, magsilagay
sa tayo,i, malayo ang iba,i, magbantay
sacaling magdaan ang macaca-auay
tayong calahatan mangagsabay-sabay.

Paputucan sila ng catacot-tacot
saan di ang tropa nila,i, mananabog
ang general namin ay huag uudlot
saan di ang caual nila,i, macucupcop.

Apang comandante tunay at magaling
na ang panucala ng bunying coronel
anong sagot nila sa ipinaturing
caming taong caual naman uma-amin.

Lugod co,i, malaqui uica ni Maximo
sa lahat cong caual na manga catoto
nguni,t, pagmalasin ang tatlo catauo
babayi,t, lalaqui na dito ang tungo.

Ang tugon ni Pedro o general namin
na di namamali ang aquing paningin
iyong naglalacad iniyong pag-uariin
dalagang Adela at inang nag-aquin.

Nguni,t, ang lalaqui na casama nila
ay hindi co lubos na mapagquilala
sacabiglaanan dumating pagdaca
tatlong naglalacad na sa harap nila.

Loob ni Maximo nagtacang di hamac
dito cay Adela ng caniyang mamalas
pagdaca,i, tinanong ay sinta cong liyag
baquit nacarating sa tahanang gubat.

Ano ang dahilan na nangyaring bagay
na ang caparangan ay iyong linagbay
tugon ni Adela at ipagsasaysay
Maximo,i, dinguin mo nangyari sa buhay.

Nang cayo,i, umalis cami nanga-iuan
na sa aming bahay na tinatahanan
teniente,i, dumating ng caumagahan,
maraming casama ng civil niyang caual.

Na ipinagsama ang mahal cong ama
at saca si inang at sampong aco pa
na ang cabagayan dahilan sa Cura
sa bunying teneite cami dinemanda.

Dumating ng cuartel caming mag-iina
at saca ang aquing mapagpalang ama
hindi na tinanong cung ano ang sala
pinadalang agad na sa Facturia.

Ay dumating doon ang poong ama co
sa nangyaring usap ang Cura,i, nanalo
ang nayaring hatol ay nabalitaan co
na ipinadala nila sa destierro.

Nang maganap nila hatol ay nangyari
sa nanganyaya ng amang nag-iui
na di nalaunan dumating ang fraile
at saca hiniling aco sa teniente.

Teniente ay nayag sa daquilang Cura
aco sa convento ay ipadadala,
na ang cabo guardias sa aquin sumama
siya ang tanungin mo bagay na lahat na.

Ng marinig ito Maximo,i, nangusap
daraquilang cabo magsabi ng tapat,
sa ngalan ng Dios huag malilinsad
ang catotohanan iyong ipahayag.

Paniualaan mo po general na sadiya
sa Curang nangyari at sa cay Adela,
nalis po ng cuartel at caming dalaua
lumacad nanga,t, convento,i, pinunta.

Ng malalapit na aming na pagmalas
Cura,i, na sa patio na may bastong hauac,
ng dudulog cami caniyang quinausap
itong si Adela na pina-asquiat.

Pinilit-pilit sa convento niya
na pina-asquiat itong si Adela
sa ayao pumayag aniyong dinadama
na capiglas saca baston niya,i, nacuha.

Nitong si Adela aquing napanood
manga catapanga,t, lacas na inimpoc,
palo niyong baston sa sicad at suntoc
na di nalaunan ang Cura,i, nalugmoc.

Patay na mistula niyong aming iuan
at cami sa cuartel ay nagpatuloyan
lahat ng nangyari ay ipinaalam
sa aquing tenienteng macapangyarihan.

Sa teniente ito,i, naman sa mabatid
ay caraca-raca cami,i, pinaalis,
at aco ang siyang bilang maghahatid
na cung caya dito cami,i, nacasapit.

Dito sa nangyari mahal na general
ay hindi na cami babalic ng bayan,
tugon ni Maximo quita,i, ibibilang
sa tanang caual co icao ay oficial.

Adela,i, ano ang na sasaloob
sa pinag-usapan bagay sa pag-irog,
tugon ng causap ay inihahandog
ang aquing pag-ibig sa iyo,i, sumusunod.

Uica ni Maximo tangap yaring camay
palatanda bilang sa sintang matibay
tugon ni Adela hindi sumusuay
aco sa nais mo hangang nabubuhay.

Sa nangyaring yaon mga casayahan
ang lahat ng caual nangag si pagdiuang,
viva si Adela viva ang general
na si Maximo Tiño na bagong quinasal.

Isahangan dito cayong bumabasa
ini-aamo co sa calac-han nila,
mali man sacali ay biguiang halaga
itong si Eulogio Julian de Tandiana.

FIN

- pp. 3 - 57.

:lpu 9/10/70